

**Ministry of Education**

Ministro

315 Front Street West  
Toronto ON M7A 0B8

**Ministère de l'Éducation**

Ministre

315, rue Front Ouest  
Toronto ON M7A 0B8



Ika-26 ng Agosto, 2020

Minamahal na mga Magulang,

Kami ay nakatuon na siguraduhing ang pagbalik sa paaralan ay ligtas para sa mga mag-aaral, mga guro at tauhan. Ang aming komprehensibong plano para sa pagbubukas ng mga paaralan ay nangunguna sa buong bansa sa masusing mga panuntunan ukol sa kalusugan ng publiko at sa pagpopondo kada mag-aaral.

Ang pera ay gagamitin para sa kagamitang pang-personal na proteksiyon (personal protective equipment, o PPE), mas mahusay na paglilinis ng ating mga paaralan at mga bus, pinabuting bentilasyon, at sa pag-upa ng mas marami pang mga tauhan para sa paglilinis at pagtuturo. Nagsasagawa din kami ng mga karagdagang panuntunan sa kalusugan ng publiko para sa ating mga paaralan, tulad ng pag-upa nang hanggang sa 500 pampublikong kalusugan na mga nurse, isang agresibong patakaran ukol sa pagsuot ng mask na kinakailangang sundin para sa 4-12 na mga grado, at isang estratehiya ng pagmamatyag na pagsusuri para sa ating mga mag-aaral sa secondary school. Naniniwala kami na ang mga hakbang na ito ay kinakailangan upang masiguro ang matagumpay na pagbalik sa ating mga silid-aralan.

Kamakailan ngayon, inihayag ng ating gobyerno ang mga detalye kung paano natin mapipigilan at mababawasan ang mga pagsiklab ng COVID-19 sa ating mga paaralan at upang mapanatiling ligtas ang ating mga bata. Ang [dokumento](#) na ito ay binuo sa tulong ng payo na nagmula sa nangungunang medikal at siyentipikong mga dalubhasa — kabilang ang Punong Medikal na Opisyal ng Kalusugan (Chief Medical Officer of Health).

Ang plano ng ating gobyerno sa pagbabalik-sa-paaralan ay mas napapahusay pa sa pamamagitan ng karagdagang pederal na mga pagpopondo at mga kagamitan upang masuportahan ang pagbabalik sa klase sa panahon ng taglagas. Ang [pederal na anunsyo](#) na ginawa ngayon ay naglalaan ng \$381 na milyon sa Ontario, bilang karagdagan pa sa halos \$900 na milyong inilaan ng probinsiya upang masuportahan ang mga plano ng probinsiya ukol sa pagbabalik-sa-paaralan.

Ikinalulugod ko ring kumpirmahin na si Dr. Dirk Huyer ay hinirang bilang Tagapag-ugnay, Pagtugon ng Probinsiya sa Pagsiklab (Coordinator, Provincial Outbreak Response) upang mamuno sa mga pagsisikap ng probinsiya na masagot ang anumang mga kahirapang magaganap sa ating mga paaralan.

Naririto ang mag kinakailangan ninyong malaman:

- May panuntunan ding isinagawa upang mapangalagaan ang mga mag-aaral na nagkasakit habang sila ay nasa paaralan, kabilang ang paghiwalay sa ibang tao, at ang pagbibigay ng PPE sa may sakit na mag-aaral at sa tauhan na nag-aasikaso sa kanila.
- Hinihiling sa mga magulang na araw-araw nilang pagmasdan ang kanilang mga anak bago sila pumasok sa paaralan, at kung ang mga ito ay may sakit, na panatilihin sila sa bahay.
- Kung mayroong tao sa paaralan, kung siya man ay isang mag-aaral, o miyembro ng tauhan, na natagpuang mayroong COVID-19, ang komunidad sa paaralan ay maayos na sasabihan. Isasakatuparan ang isang madalian at masusing paghanap sa mga taong dapat sabihan.

...p/2

-2-

- Kung saan kinakailangan, may mga grupo ng klase na irerekomenda na sumailalim sa pagsusuri, pauwiin sa bahay, o ang paaralan ay mananatiling sarado hanggang sa masiguro ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan na ligtas na para sa mga mag-aaral at tauhan na bumalik.
- Magkakaroon ng isang malinaw na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan na susundin, upang inyong malaman kung may mag-aaral o miyembro ng tauhan sa paaralan ng inyong anak na natagpuang mayroong COVID-19.
- Lubos na makikipagtulungan ang mga lupon ng paaralan sa mga bahagi ng pampublikong kalusugan upang maipamahagi ang mga pinakabagong balita sa panahon na ito ay nagaganap at upang malaman kung ang klase o paaralan ay dapat na isara.
- Pinamumunuan ng Public Health Ontario, nilalayan ng gobyerno na sumailalim ng pagmamatyag na pagsusuri ang mga mag-aaral ng secondary school na walang sintomas sa ating mga paaralan.
- Bilang karagdagan pa sa pagkakaroon ng pampublikong kalusugan na mga nurse sa ating mga paaralan, kukumpletohin ng tauhan ng edukasyon ang masusing propesyonal na pagsulong sa kalusugan at kaligtasan.

Nag-iingat kami, isinasakatuparan namin ang karagdagang mga hakbang na ito ukol sa kalusugan at kaligtasan at ipinamumuhunan namin ang mga kinakailangang dolyar. Tulad nga nang sabi ko at ng Premier noong dati pa: gagawin namin ang anumang kinakailangan, at naroroon kami para sa kaligtasan, proteksiyon, at kabutihan ng mga mag-aaral ng Ontario.

Habang ang kalagayan ng pampublikong kalusugan sa buong Ontario ay patuloy na nagbabago, ang tanging bagay na nananatiling hindi nagbabago ay ang pinag-isang pagsisikap ng mga magulang, mga mag-aaral, at tauhan ng paaralan upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad at probinsiya. Ginagawa nating lahat ang ating mga responsibilidad, at tunay na kahanga-hanga na makita ang kaunlaran ng ating nagawa habang ating nilalabanan ang pagsulong ng COVID-19 sa buong Ontario.

Tinaasan namin ang mga pamumuhunan sa kalusugan ng pag-iisip dahil alam namin kung gaano kahirap ang panahon na ito sa inyong anak. Patuloy naming sisiguraduhin na ang mga suporta ay maaaring makamit, at patuloy na isakatuparan ng ating mga paaralan

ang pagtanggap ng iba, pagkahabag, at pag-asa sa mga puso at pag-iisip ng ating mga mag-aaral.

Salamat, mga magulang ng Ontario, para sa lahat ng inyong mga ginagawa araw-araw – habang tayo ay magkakasamang nagtutulungan para sa kaligtasan at tagumpay ng ating mga anak sa ngayong taon ng pag-aaral, at pati na rin sa hinaharap.

Sumasainyo,

Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce,  
Ministro ng Edukasyon